# Balitang Manmin

BILANG 138 AGOSTO 16, 2015


# “Nakakita Na Ba Kayo ng mga Tutubing Bumababa Mula sa Langit?”



Lumilipad pababa mula sa paligid ng araw ang mga tutubing parang mapuputing snowflakes

Tuwing tag-init, nadarama ng mga miyembro ng Manmin mula sa buong mundo ang pagpapala at pag-ibig ng Diyos kapag nakikita nila ang mga tutubi mula sa langit. (Mga litrato: dumadapo sa daliri ng mga miyembro ang mga tutubi sa retreat sa tag-init ng Manmin)

## Malaking pulutong ng mga tutubi, ipinapaalala ang isang pangyayari sa Biblia

Tulad ng mga ‘snowflakes’ na bumababa mula sa langit, lumilibot sa paligid ng araw at bumababa ang kahanga-hangang pulutong ng mga tutubi, dumadapo sila sa mga miyembro ng iglesya.

Paekis-ekis ang paglipad ng mga ito, parang sumasayaw, pagkatapos, dumadapo sa mga miyembro ng iglesya. Nananatili silang nakadapo sa mga kamay, ulo, at iba pang bahagi ng katawan ng mga tao. Kahit hawakan at halikan sila ng mga miyembro hindi sila lumilipad papalayo. Nakakamangha!

Ang mata ng isang tutubi ay binubuo ng 28,000 ommatidia. Ang ommatidia ay binubuo ng mga bahaging nakakakita, may lente at selula na sensitibo sa liwanag. Nakaharap sa iba’t ibang direksyon ang bawat isang ommatidium kaya 360 degrees ang nakikita ng isang tutubi. Nakikita nito ang mga bagay na gumagalaw, kahit may layo itong 20metro o 37metro.

Ito ang dahilan kung bakit napakahirap manghuli ng tutubi. Gayon pa man, walang takot ang mga tutubi sa pagdapo sa mga miyembro ng Manmin. Noong Agosto 2006, nakita ng mga miyembro ang mga tutubi sa unang pagkakataon. Ito ay habang ginaganap ang retreat sa tag-init sa Muju, probinsiya ng Jeonbuk. Nakadama sila ng espesyal na kagalakan at nagsaya sila sa kahanga-hangang pangyayari.

Idinaos ang retreat sa isang maluwag at patag na lugar na pinalilibutan ng mga bundok, mga puno, at mga halaman. Kinain ng mga tutubi ang mga mapaminsalang insekto tulad ng mga lamok at gamu-gamo. Namangha ang mga residente at mga may-ari ng mga paupahan sa malapit. Sinabi nila na hindi nila mapuksa ang napakaraming insekto, mga lamok at gamu-gamo. Pero nang dumating ang mga miyembro ng Manmin, nawala lahat ng insekto, pero nang umalis sila, bumalik ang mga ito.

Nang sumunod na retreat sa tag-init, nagpakita ulit sa mga miyembro ng Manmin ang mga tutubi. Magmula noon, sampung taon na silang nagpapakita. May mga miyembrong mula sa malalayong bansa na dumadayo pa sa Korea para dumalo sa retreat sa tag-init. Gusto nilang maranasan ang kahanga-hangang pangyayari.

Bukod sa retreat sa tag-init, ang mga kahanga-hangang tutubi ay nagpapakita din sa ibang okasyon tulad ng Leadership Conference at Summer Bible School. Bukod dito, nagpapakita ang mga ito sa lugar ng trabaho at tahanan ng mga miyembro.

Naranasan ng mga Israelita ang pangyayaring katulad nito. Mababasa sa Exodo 16:13-14, “Nang sumapit na ang gabi, ang mga pugo ay umahon at tinakpan ang kampo at sa kinaumagahan ay nakalatag sa palibot ng kampo ang hamog. Nang pumaitaas na ang hamog, may nakalatag sa ibabaw ng ilang na munting bagay na bilog at kasinliit ng namuong hamog sa ibabaw ng lupa.” Habang naninirahan sila sa ilang sa loob ng 40 taon, kumain sila ng mana at pugo na mula sa langit.

Hindi nagbabago ang Diyos kahapon at ngayon. Sa pamamagitan ng mga tutubi, ipinapakita Niya sa atin na may espirituwal na kaharian, tinutulungan Niya tayong paniwalaan ito at pinapatunayan Niya na totoo ang nakasulat sa Biblia. Ito ang dakilang pag-ibig Niya. Inaabangan ng mga miyembro ng Manmin ang retreat sa tag-init kung saan magsisiya sila kasama ng magagandang tutubi.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

"Ngayon nga'y ibigay mo sa akin ang lupaing maburol na ito na sinabi ng PANGINOON nang araw na iyon; sapagkat nabalitaan mo nang araw na iyon kung paanong nariyan ang mga Anakim, na mga lunsod na malalaki at may pader; marahil ay sasamahan ako ng PANGINOON, at maitataboy ko sila na gaya ng sinabi ng PANGINOON." (Josue 14:12)

# Ibigay Mo sa Akin ang Lupaing Maburol

Sa Lumang Tipan, naranasan ng mga Israelita ang kapangyarihan ng Diyos noong sinunod nila ang Salita Niya. Pero nang magkasala sila, walang ibang nagawa ang Diyos kundi talikuran sila. Nakikita natin sa napakaraming pagkakataon na ang Diyos ay buhay, pinagpapala at sinasagot Niya ang mga sumusunod sa mga utos Niya at ang mga masigasig sa paghahanap sa Kanya.

Pag-aralan natin ngayon kung paano nakamit ng mga Israelita ang mga ipinangako ng Diyos at paano nila nasakop ang Canaan, ang lupaing dinadaluyan ng gatas at pulot.

## 1. Pagsakop ni Josue at ng mga Israelita sa Canaan

Mabilis na kumalat sa mga mamamayan ng mga rehiyon sa hilaga ang balita tungkol sa pagsakop ng Israel sa katimugang bahagi ng Canaan.

Nabigla ang mga mamamayan ng Canaan! Natanto nila na dapat silang magkaisa laban sa Israel. Isa sa mga lider ay si Haring Jabin ng Hazor. Kabilang siya sa pinakamatapang sa mga lunsod. Nagpadala siya ng mga mensahero sa kalapit na mga bansa para bumuo ng magkakakamping puwersa laban sa Israel (Josue 11:1-3).

Nang lumabas ang mga hukbo nila, ang dami nila ay parang buhangin sa dagat. Pero gaya ng dati, ipinangako ng Diyos ang tagumpay sa mga Israelita, pinalakas Niya ang loob ni Josue. "Sinabi ng PANGINOON kay Josue, 'Huwag kang matakot sa kanila sapagkat bukas, sa ganitong oras ay ibibigay ko silang lahat na patay sa harapan ng Israel; pipilayan ninyo ang kanilang mga kabayo at susunugin ng apoy ang kanilang mga karwahe'" (Josue 11:6).

Nakasulat sa 1 Samuel 17:47 na kahit napakalaki ng hukbo o napakarami nilang karwahe, hindi nito dadalhin sa kanila ang tagumpay sa labanan dahil ang labanang ito ay sa PANGINOON.

Dahil sa pananampalataya sa ipinangako ng Diyos na tagumpay, nagsagawa ng biglaang paglusob si Josue at ang hukbo ng Israel sa magkakakamping puwersa na nagkampo malapit sa tubig. Tinalo ng Israel ang nagkaisang mga hukbo ng Canaan sa iisang labanan, walang itinirang buhay. Gaya ng iniutos ng Diyos, pinilay nila ang mga kabayo at sinunog ang mga karwahe. Ganito nila tinapos ang isa pang malaking labanan.

Nagpatuloy ang pagtatagumpay nila sa gitna at katimugang bahagi ng Lupain ng Canaan. Sinakop din nila ang hilagang bahagi, ito ang katapusan ng mahalagang kabanata ng pagsakop sa Canaan (Josue, kabanata 11-12).

## 2. Pagtupad ng Pangako ng Diyos ayon sa Pananampalataya at Pagsunod

Ipinangako ng Diyos kay Abraham na ibibigay Niya sa kanila ang Lupain ng Canaan. Daan-daang taon ang lumipas, at sa wakas, sa panahon ni Moises, nakitaan ng linaw ang pagtupad ng pangakong ito. Kahit pagkatapos ng Exodo, naganap ang apatnapung taong pamamalagi sa ilang at mahigit sa pitong taon na pakikipaglaban bago lubos na magkaroon ng katuparan ang pangako.

Kung nagpakita ng pananampalataya ang unang henerasyon ng mga Israelita, sila sana ang sumakop sa Lupain ng Canaan. Gayon pa man, maliit at mahina ang pananampalataya nila. Napigilan nito ang pagpapala. Kapag may ipinangako ang Diyos, may kondisyon: ang mga nagtitiwala at sumusunod lang ang makakaranas ng kapangyarihan Niya.

May mga nagsasabi, "Tinatawag ang Diyos na, 'Ang Diyos na Nagpapagaling' pero, bakit maysakit pa rin ang ibang tao kahit nagtitiwala sila?'" May sinasabing malinaw na kondisyon ang Exodo 15:26 para sa biyayang ito: "Kung iyong diringgin ng buong tiyaga ang tinig ng PANGINOON mong Diyos at iyong gagawin ang matuwid sa Kanyang mga mata, at iyong susundin ang Kanyang mga utos, at iyong tutuparin ang lahat ng Kanyang mga batas, wala Akong ilalagay na karamdaman sa iyo, na gaya ng inilagay ko sa Ehipcio; sapagkat Ako ang PANGINOON na nagpapagaling sa iyo."

Dapat tuparin at maabot ng isang tao ang mga kondisyong ito ayon sa sukat ng pananampalataya niya para matupad ang ipinangako ng Diyos.

Kinailangan ding manampalataya ng mga anak ni Israel para makapasok sa Lupain ng Canaan. Para tulungan silang makasunod sa mga kondisyong ito, nagpakita ang Diyos ng hindi mabilang na mga tanda at himala. Gayon pa man, walang pananampalataya ang unang henerasyon ng Exodo, napigilan nito ang pagtupad sa mga pangako ng Diyos. Gayon pa man, natupad ito sa sumunod na henerasyon.

Iba ang pangalawang henerasyon ng Exodo. Matatag ang pananampalataya nila sa Diyos, tulad ni Josue, sumunod sila sa Kanya. Dahil dito, nasakop at nakapasok sila sa 'lupaing dinadaluyan ng gatas at pulot'.

## 3. Ang Maalab na Patotoo at Pananampalataya ni Caleb kaya Nasakop Niya ang Hebron

Hindi natapos ang gawain nila sa pagsakop sa Lupain ng Canaan. Nakuha ng Israel ang Canaan, pero hindi namatay ang lahat ng taong naninirahan doon. Dapat pa nilang palayasin ang ilang tao sa iba't ibang bahagi ng lupain, at dapat silang manirahan at mamalagi sa lupain para ganap na maangkin ito.

Sa kabanata 13 ng Josue, iniutos ng Diyos kay Josue na ipamahagi ang lupain sa lahat ng tribo ng Israel. Hindi lang ang mga bahaging nasakop kundi pati ang ibang bahaging sasakupin pa lang. Magmula noon hanggang ngayon, nagkakaisa ang lahat ng tribo ng Israel sa labanan. Dapat masakop ng bawat tribo ang lupain na ibinigay sa kanila.

Nasa pananampalataya ng bawat tribo ng Israel ang pangingibabaw sa lupain nila. Magkakaiba ang resulta nito. Ito ay naaayon sa kung gaano kalaki ang espirituwal na pananampalataya at pagsunod nila sa kalooban ng Diyos. Sa pagkakataong ito, naunang nanindigan ang isang tao para hingin ang karapatan niya (Mga Bilang 14:24). Ito ay si Caleb na anak ni Jefone, isa siya sa labindalawang espiya na nagmanman sa Canaan, pinatunayan niya ang pananampalataya niya tulad ni Josue.

Hindi nakalimutan ni Caleb ang ipinangko ng Diyos sa kanya habang nananatili sa ilang sa loob ng apatnapung taon at habang lumalaban sa napakaraming labanan sa Canaan sa loob ng pitong taon. At nang dumating ang panahon para ipamahagi ang Lupain ng Canaan, binanggit niya ang pangako ng Diyos sa kanya. Hiniling niya kay Josue ang lupa.

Ang kahilingan ni Caleb ay hindi dahil gusto niyang mabayaran ang mga mabubuting bagay na ginawa niya. Ito ay pagpapatunay ng pananampalataya niya na mas lalong pinatatag ng pagsubok sa loob ng apatnapung taon. Pagpapahayag ito na tapat siya sa pagbibigay ng buong lakas niya. Hiniling niya ang ipinangako ng Diyos sa kanya, ang lupain ng Hebron. May malalakas na mamamayan pang naninirahan dito, ang mga Anakim. Makikipaglaban muli sila sa mga ito para masakop ang lupain.

Sa Josue 14:10-12, may sinabi si Caleb na nakakaantig ng damdamin, "Sa araw na ito ako'y walumpu't limang taong gulang na. Gayunma'y malakas pa ako hanggang sa araw na ito na gaya ng araw na suguin ako ni Moises. Kung ano ang lakas ko noon, ay gayon ang lakas ko ngayon sa pakikidigma, at gayun din sa paglabas-pasok. Ngayon nga'y ibigay mo sa akin ang lupaing maburol na ito na sinabi ng PANGINOON nang araw na iyon; sapagkat nabalitaan mo nang araw na iyon kung paanong nariyan ang mga Anakim, na mga lunsod na malalaki at may pader, marahil ay sasamahan ako ng PANGINOON, at maitataboy ko sila na gaya ng sinabi ng PANGINOON."

Nang sabihin ni Caleb na gusto niyang manirahan sa maburol na lugar, tinupad ng Diyos ang pangako Niya, ibinigay sa kanya ang lupain ng Hebron. Pinabagsak ni Caleb ang malakas at makapangyarihang Anakim, at sinakop ang masaganang lupain bilang bahagi niya na mananatili sa lahat ng henerasyon. Ipinakita niya ang isang magandang halimbawa ng pananampalataya sa mga mamamayan ng Israel.Ang pamamahagi ng lupain ay ginawa sa ganitong paraan, nagsimula kay Caleb.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, parang paglalakbay ang buhay dito sa mundo. Hangga't hindi pa natin nararating ang Langit, palagi tayong lumalaban sa mga namumuno, sa mga kapangyarihan, sa mga makamundong puwersa ng kadiliman, at sa mga puwersa ng espiritu ng kasamaan sa himpapawid.

Habang nangyayari ito, nakikiusap ako sa inyo na huwag kayong magbago sa pagtitiwala ninyo sa mga pangako ng Diyos tulad ni Caleb, ang mandirigmang may pananampalataya. Magbunga nawa kayo nang masagana para ipakita ang pananampalatayang ito sa pamamagitan ng mga gawa.

Umaasa ako na hindi kayo tatamarin sa pagtatagumpay, at hindi kayo manghihina kapag nahirapan. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na sapilitan ninyong panghawakan ang mas mabuting tirahan sa Langit para makarating sa maluwalhating Bagong Jerusalem sa pagtatapos ng buhay na ito.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr

Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Paano Bubuwagin ang Kaisipan ng Laman Para Magabayan ng Tinig ng Banal na Espiritu



Mababasa sa 1 Mga Taga-Corinto 2:10-11, "Ngunit ang mga ito ay ipinahayag sa amin ng Diyos sa pamamagitan ng Espiritu; sapagkat sinisiyasat ng Espiritu ang lahat ng mga bagay, maging ang malalalim na mga bagay ng Diyos. Sapagkat sinong tao ang nakakaalam ng isipan ng isang tao, kundi ang espiritu ng tao na nasa kanya? Kaya't walang nakakaalam ng mga isipan ng Diyos, maliban sa Espiritu ng Diyos." At sinasabi sa Mga Taga-Roma 8:14, "Sapagkat ang lahat ng pinapatnubayan ng Espiritu ng Diyos ay sila ang mga anak ng Diyos." Makikita dito na kung tayo ay pinapatnubayan ng Espiritu ng Diyos – ang Banal na Espiritu, tayo ay mga anak na ng Diyos.

Sinasabi sa Biblia na ang Banal na Espiritu ay Espiritu ng Diyos, ibig sabihin, iisa ang puso nila. Natural lang na patnubayan ng Espiritu ng Diyos ang mga anak Niya.

Para marinig ng mga anak ng Diyos ang tinig ng Banal na Espiritu at tanggapin ang pagpatnubay Niya, dapat nilang buwagin ang kaisipang makalaman na napopoot sa Diyos (Mga Taga-Roma 8:7). Pag-aralan natin kung paano wawasakin nang lubos ang kaisipang makalaman para marinig ang tinig ng Banal na Espiritu at tanggapin ang patnubay Niya.

## 1 Iwaksi natin ang masasamang bagay sa puso natin

Hindi katulad ng ibang tunog na naririnig natin ang tinig ng Banal na Espiritu. Ito ay nasa puso. Nanggagaling ito sa katotohanan na inalagaan natin sa loob ng puso natin. Gayon pa man, kung may mga kasinungalingan sa puso natin, nauuna nating marinig ang kaisipang makalaman bago natin marinig ang tinig ng Espiritu. Nagmumula ang kaisipang makalaman sa gawain ng kaluluwang makasalanan.

Ipagpalagay nating sinisiraan kayo ng isang tao, naririnig ninyo ito. Maaaring isipin ninyo, 'Walang galang ang taong ito, sinasaktan niya ang damdamin ko. Nakakalungkot." Dahil mayroong kaisipang makalaman, namumula sa galit ang mukha ninyo at isinusumpa ninyo siya dahil napopoot kayo sa kanya. Gusto ninyong saktan at gantihan ang taong ito.

Ang kaisipang makalaman ay napopoot sa Diyos, hindi nito kayang magbigay ng lugod sa Kanya (Mga Taga-Roma 8:7-8). Kaya habang makalaman ang kaisipan natin, hindi natin makakamit ang mas malaking pananampalataya at hindi natin mararanasan ang kapangyarihan ng Diyos. Bukod dito, mahirap maging espirituwal. Kaya para marinig natin ng malinaw ang tinig ng Banal na Espiritu, magmadali tayo na maiwaksi ang kasamaan sa puso natin.

## 2 Sundin natin ang tinig ng Banal na Espiritu kahit mahina ito

Maririnig natin ang tinig ng Banal na Espiritu kung huhubugin natin ang katotohanan sa puso natin. Magkasabay naririnig ng maraming tao ang kaisipang makalaman at ang tinig ng Banal na Espiritu dahil nasa kanila ang masama at mabuting puso.

Kaya maaaring mahina ang tinig ng Banal na Espiritu. Pero kung palagi nating susundin ang tinig, magiging malinaw ito, madali na nating maririnig. Halimbawa, may isang taong hindi pa napapabanal, kapag ginawan siya ng masama, dalawang bagay ang iisipin niya: kaisipang makalaman – 'Galit ako sa kanya. Masama ang nararamdaman ko.' At ang tinig ng Banal na Espiritu – 'Pakitaan mo siya ng magandang loob. Mahalin mo ang mga kaaway mo.' Kung pipiliin niyang pakinggan at sundin ang tinig ng Banal na Espiritu, maririnig niya ito nang malinaw.

Kung hindi ninyo naririnig ang tinig ng Banal na Espiritu marahil hindi kayo sumusunod sa Salita ng Diyos kahit naaalala ninyo ito. Sikapin nating marinig ang tinig ng Banal na Espiritu kahit mahina ito. Kung tutuon tayo at makikinig, kahit may kasabay pa itong malalakas na ingay, maririnig natin ito.

Samakatwid, ang pusong naghahangad ay isang mahalagang bagay para marinig ang tinig ng Banal na Espiritu. Maririnig ninyo ito kung totoong makikinig kayo. Kung isasabuhay natin ang katotohanan at hahangarin ang tinig Niya, maririnig natin ito. At kung susundin natin ang patnubay nito mas mabilis nating maiiwaksi ang mga kasamaan.

## 3 Manalangin ng Maalab

Ipagpalagay nating may dalawang radyo na nakabukas. Dalawang magkaibang programa ang pinapakinggan dito. Kung lalakasan ninyo ang isa, mas maririnig ninyo ang programang nakabrodkast dito kaysa doon sa isa. Katulad ng pagpapalakas ng radyo ang maalab na pananalangin. Kapag napuspos kayo ng Banal na Espiritu dahil sa maalab na pananalangin, maririnig ninyo nang malinaw ang Kanyang tinig.

Bago ninyo bisitahin ang ibang miyembro ng iglesya, manalangin muna kayo ng maalab. Hilingin ninyo ang patnubay ng Banal na Espiritu. Isang paraan ito para makapagbigay kayo sa kanila ng tamang payo at tulong. Ipagpalagay nating hindi nagsimba ang miyembrong bibisitahin ninyo, kung magsesermon kayo sa kanya tungkol sa kahalagahan ng pananatiling banal ng Araw ng Panginoon, baka hindi malutas ang problema niya.

Manalangin muna kayo nang maalab at pakinggan ang tinig ng Banal na Espiritu. Ipapaalam sa inyo ng Banal na Espiritu ang dahilan kung bakit hindi pinanatiling banal ng miyembrong ito ang Araw ng Panginoon. Bibigyan pa kayo ng Banal na Espiritu ng talata mula sa Biblia na angkop sa kalagayan ng miyembro. Kapag sinabi ninyo sa kanya ang talata mula sa Biblia, magbubukas ang kalooban niya, tatanggapin niya ang pagpapala, at dadalo siyang muli. Kung minsan, maiisipan ninyong bumisita nang biglaan. Hindi ninyo ipinanalangin ang pagbisitang ito. Gayon pa man, kung hindi kayo humihinto sa pananalangin at nananatili kayong puspos ng Banal na Espiritu, ang maiksing panalangin ay makakatulong para marinig ninyo ang tinig Niya.

### TIP
### Paano Makikilala ang Tinig ng Banal na Espiritu Mula sa Sariling Saloobin

Manalangin tayo nang maalab kung gusto nating maging malinaw ang isang bagay. Mapupuspos tayo ng Banal na Espiritu at maririnig natin nang malinaw ang tinig Niya sa pananalangin. Magiging tama ang mga saloobin natin.

Sumunod tayo palagi, makikilala natin nang mas mabuti ang tinig ng Espiritu mula sa sariling saloobin. Magkakaroon tayo ng kagalakan at pagpapasalamat kapag sumusunod tayo sa Salita. Kung minsan, maririnig natin mula sa ibang tao ang mga salitang nagpapatunay na tinig ng Banal na Espiritu ang narinig natin. O kaya, mag-aani tayo ng mga bunga ng pagpapala.

Kung narinig ninyo ang tinig ng Banal na Espiritu habang nananalangin kayo, tanggapin ninyo ang patnubay Niya. Idalangin ninyo ito at pagnilayan. Matitiyak ninyo kung tinig Niya ito o hindi.

Kung palagi kayong nananalangin nang maalab, nagsusulong ng buhay Cristiano na puspos ng Banal na Espiritu, maaari kayong makipag-usap sa Diyos sa lahat ng oras, makinig sa tinig ng Banal na Espiritu, at tanggapin ang patnubay Niya.



# "Kumikilos Hanggang Ngayon ang Diyos na Manlilikha!"

**Elder Alvin J. Hwang,**
56 taong gulang, Parokya 12, South Korea



Ipinapakilala ni Dr. Alvin J. Hwang ang panganay na anak niyang si Lucy Hwang (kanan) na pinagaling mula sa calcific tendinitis sa kumperensya ng WCDN na idinaos sa Mexico. (Kasama ang asawa niyang Punong Diakonesa Miok Cho at ang pangalawang anak na babaing si Jueun Hwang)

Ipinanganak ako sa Daegu City, South Korea. Mga Cristianong tapat sa pananampalataya ang pamilyang pinagmulan ko. Habang lumalaki ako, masipag ako sa pagdalo sa iglesya at pag-aaral ng Biblia. Noong nagbinata na ako, ikinalungkot ko ang hindi pagsunod ng mga tao sa mga itinuturo ng Biblia. Nag-isip ako ng mga paraan kung paano mabuhay ayon sa Salita ng Diyos. Nagbasa ako ng mga libro tungkol sa teolohiya at naghanap ng tamang daan. Pero hindi ko alam kung paano iwawaksi ang kasamaan.

Noong nasa ika-11 baitang ako, inisip ko, 'Totoo kayang may Diyos?' Hindi ko alam kung ano ang kahulugan ng buhay. Hinanap ko ang kahulugan at kabuluhan nito sa pilosopiya at sa Buddhism, pero hindi nito napunuuan ang puso ko.

Tumuon na lang ako sa pag-aaral sa eskwelahan. Nakatapos ako sa medical college, matataas ang mga markang nakuha ko. Nagsimula akong magturo ng physiology sa Kyungpook National University.

## Nakilala ko ang guro na tumulong sa akin para isabuhay ang Salita ng Diyos

Binasa ng nanay ko ang librong talaan ng patotoo ni Dr. Jaerock Lee, ang *Paglasap Ng Buhay Na Walang Hanggan Bago Ang Kamatayan*. Hinaplos nito ang damdamin niya, pinakiusapan niya akong bumisita sa Manmin Central Church. At dumalo nga ako sa magdamag na pagsamba tuwing araw ng Biyernes at sa pagsamba sa Linggo ng umaga.

Noong taong 1987, nagtuturo ang Punong Pastor Dr. Lee tungkol sa aklat ni Job sa magdamag na pagsamba tuwing araw ng Biyernes at ipinapangaral niya ang 'The Measure of Faith' sa pagsamba sa Linggo ng umaga. Unang beses kong narinig ang itinuturo niya, napakamakapangyarihan nito. Itinuturo din niya ang tungkol sa paglilinis ng puso at ang mga paraan sa pagpapalago ng pananampalataya. Matagal ko nang hinahangad na matutuhan ang mga ito. Natuklasan ko ang paraan para mahanap ang kasamaan sa puso ko at kung paano mabubuhay nang hindi nagkakasala.

Bukod dito, naging mas masigasig ako nang makita ko ang mga tanda, himala, at mga makapangyarihang pagkilos na nagpapatotoo sa Salita ng Diyos. Damang-dama ko ang pag-ibig ng Diyos na namatay sa krus para iligtas ang makasalanang tao tulad ko. Lubos akong nagsisi, umiyak. Sa unang pagkakataon, naranasan ko ang Banal na Espiritu kahit pinalaki ako bilang isang Cristiano magmula ng kapanganakan ko. Umapaw ang kaligayahan sa puso ko.

Noong panahong iyon, limang oras ang biyahe papuntang Seoul mula sa Daegu, pero pumupunta ako doon tuwing Linggo para dumalo sa pagsamba. Dahil nakita ko na sa wakas ang aral na hinahanap ko, nagdesisyon ako na isabuhay ang mga nalaman ko para matularan ko ang Panginoon.

Noong Enero 31, 1988, nagsimula akong dumalo sa Masan Manmin Church habang naglilingkod sa pambansang hukbo bilang isang doktor. Nakilala ko doon ang Punong Diakonesa Miok Cho, nagpakasal kami noong Mayo 1989.

## Naranasan ko ang kapangyarihan ng Diyos na Manlilikha at ang mundong espirituwal

Noong taong 1990, nagdusa sa malalang neuralgia ng mahigit sa isang taon ang lola ko (Punong Diakonesa Bunhan Cho, pumanaw na siya). Epekto ito ng naging sakit niyang shingles. Namayat siya, parang buto't balat. Dumating si Dr. Lee sa Daegu para mamuno sa pulong para sa muling pagpapasigla ng espiritu. Idinalangin niya ang lola ko. Nang tinanggap nito ang panalangin, sumigaw ito, "May demonyong lumalabas!" Pagkatapos noon, nawala na ang matinding sakit niya, naging malusog na siya.

Habang nararanasan ko ang espirituwal na kaharian at ang kapangyarihan ni Dr. Lee, hinangad kong maging manggagawa ng Panginoon, nanalangin ako. Noong taong 1992, biniyayaan akong maglingkod bilang isang Levita (buong araw na paglilingkod) sa Manmin Central Church. Noong Nobyembre 1996, binigyan ako ng pagkakataon para sumama kay Punong Pastor sa pananalangin niya sa bundok panalanginan. Nasaksihan ko ang kamanha-manghang himala sa madilim na langit. Iwinaksi ko ang mga sarili kong pananaw at saloobin.

Nag-usap kami ng Punong Pastor tungkol sa mga bituin. Akala ko, marami na akong nalalaman tungkol dito at tungkol sa iba pang mahahalagang bagay. Hindi ako sumang-ayon sa mga sinabi niya, ipinilit ko ang pananaw ko. Pero, niloob ng Diyos na ipakita sa akin ang kapangyarihan Niya bilang Manlilikha sa madilim na langit. Hindi ito maipapaliwanag ng kaalamang makamundo. Pinalibutan ng malaking bilog na liwanag ang buwan. Makapal ang ulap sa labas ng bilog, pero wala ni isa sa loob ng bilog. Kahit malakas ang hihip ng hangin, hindi gumalaw ang makapal na ulap. Hindi pangkaraniwan ang pangyayaring ito.

Biniyayaan ako ng Diyos na Manlilikha para matanto ko kung gaano ako kamangmang. Sinabi din Niya na dapat maging ganap ang pagbabago para matupad ko ang pagmimisyon sa buong mundo kasama ng pastol. Pagkatapos nito, sinikap kong mabuhay ayon sa Salita ng Diyos at nagpakabanal. Pero may limitasyon ako palagi. Mayabang ako kaya hindi ako lubos na umasa sa Diyos.

## Gusto kong ipangaral ang tungkol sa Diyos na Manlilikha na may pusong espirituwal

Isang araw, noong taong 2013, sinabi sa akin ng Punong Pastor, "Madali lang magkaroon ng pusong espirituwal. Makakaya mong gawin ito, tanggalin mo lang ang kayabangan mo." Idinalangin ko ang payo niya at pinagsikapang tanggalin ang kayabangan ko. Habang dinadama ko ang pag-ibig ng Diyos na ipinakita Niya sa krus at sa pamamagitan ng pagmamahal ng Punong Pastor, mas naging masigasig ako sa pagbabago.

Higit sa lahat, inilagay ko ang sarili sa lugar ng ibang tao, sinikap kong isipin ang kapakanan nila, nais kong magbago. "Pwede akong baguhin ng Salita ng Diyos!" Napuno ako ng kasiguruhan na mapapabanal ako ng pag-ibig ng Diyos at ng Panginoon sa tulong ng Banal na Espiritu. Noong Hunyo 2015, nakamit ko ang pagiging espirituwal. Hallelujah!

Bise Presidente ako ng WCDN (World Christian Doctors Network, itinatag at pinamumunuan ni Dr. Jaerock Lee). Ang WCDN ay isang organisasyon para sa lahat ng denominasyon. Pinapatunayan nito ang mahimalang pagpapagaling ng kapangyarihan ng Diyos batay sa mga impormasyong medikal. Nagpapatotoo kami na buhay ang Diyos at totoo ang nakasulat sa Biblia. Taun-taon, nagdadaos kami ng pandaigdigang kumperensya tungkol sa medisina. Dinadaluhan ito ng daan-daang doktor at nagpapalabas sila ng mga kaso ng pagpapagaling sa pamamagitan ng panalangin ni Dr. Lee. Nagbibigay kami ng mga espesyal na pagtuturo tungkol sa kapangyarihan ng Diyos.

Noong taong 2013, ipinakita ko ang paggaling ng calcific tendinitis sa kaliwang pulso ng anak kong babaing si Lucy Hwang sa kumperensyang ginawa sa Mexico. Isinama ko siya sa kumperensya.

Buhay ang Diyos at nagpapakita Siya ng hindi mabilang na pagkilos na makapangyarihan. Nagpapasalamat ako at niluluwalhati ko Siya dahil ginawa Niya akong instrumento ng Banal na Espiritu para magpatotoo tungkol sa Kanya sa lahat ng tao sa mundo.

**Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas**

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714